


Minamahal na Miyembro:

Welcome sa San Francisco Health Plan!

Salamat sa pagpili sa San Francisco Health Plan. Mahalaga sa amin ang iyong kalusugan. Makikipagtulungan sa iyo ang aming mga doktor (kilala rin bilang mga Provider ng Pangunahing Pangangalaga) upang matugunan ang lahat ng iyong pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Available ang aming mga kinatawan ng Serbisyo sa Customer upang sagutin ang anumang tanong tungkol sa iyong Membership sa Planong Pangkalusugan.



Mahalagang mag-iskedyul ng pagpapatingin para sa unang check-up sa iyong Provider ng Pangunahing Pangangalaga upang makilala ka niya at malaman niya ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Pinakamainam na magpatingin sa iyong Provider ng Pangunahing Pangangalaga bago ka magkasakit. **Dapat magpa-appointment sa loob ng unang 4 na buwan mula sa pagsali sa San Francisco Health Plan.** Mangyaring tawagan ang Serbisyo sa Customer kung kailangan mo ng tulong sa pag-iiskedyul ng iyong unang appointment.



Isang Member Identification (ID) card para sa bawat saklaw na miyembro sa iyong pamilya ang ipadadala sa iyo sa hiwalay na sobre. Ang Member ID card ay may pangalan at numero ng telepono ng iyong Provider ng Pangunahing Pangangalaga. **Dapat mong dalhin ang iyong Member ID card sa tuwing magpapatingin ka sa iyong Provider ng Pangunahing Pangangalaga. Kapag bibisita sa isang parmasya, mangyaring dalhin ang alinman sa iyong Medi-Cal BIC Card at/o iyong SFHP Member ID Card.** Ang Benepisyo sa Parmasya ay hindi pinapamahalaan ng SFHP. Makipag-ugnayan sa Medi-Cal Rx para sa higit pang impormasyon sa **1(800) 977-2273**.



Makakahanap ka ng higit pang materyal para sa miyembro kabilang ang iyong Handbook ng Miyembro, Pormularyo ng Gamot, at marami pang iba online sa **sfhp.org** o sa aming Portal ng Miyembro. Ang iyong Handbook ng Miyembro ay may detalyadong impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na saklaw ng iyong programa.

Ang mga kalakip na materyal ay may impormasyon tungkol sa San Francisco Health Plan at kung paano ma-access ang mga serbisyo. Itago ang mga materyal na ito upang madaling magamit bilang sanggunian.



Guidebook ng Miyembro:

Impormasyon tungkol sa San Francisco Health Plan at kung paano ma-access ang mga serbisyo.



Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong membership, narito kami upang tumulong. Tawagan kami sa **1(415) 547-7800** o **1(800) 288-5555**, Lunes – Biyernes, 8:30am hanggang 5:30pm.

Sincerely,

San Francisco Health Plan